International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 3 Special Issue | July 2022

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 67-80

# Realistic Analysis of Jose Rizal's Patriotic Poetry

**Ligaya D. Banao**
Isabela State University
Garita, Cabagan, Isabela

## Abstract

This study was conducted to discuss and analyze these selected poems of Dr. Jose Rizal to strengthen the love of the country. This study will help every Filipino, especially the young people to love, care for, and right respect our country by showing patriotism just like what Dr. Jose Rizal stated in his selected poems. Loving for our own country will bring every Filipino, unity, and cooperation to face challenges in our country.

Rizal's intense love in the selected poems will illuminate the minds of Filipinos, especially those who have weak confidence and trust in society, especially the Filipino youth.

These poems by Rizal are intended to examine the Filipinos, especially young people to develop intelligence and intensify their love of the country so that the spirit of Filipino patriotism exists in everyone. He also stated in his poems that the Philippines is for Filipinos to show and deserve the right care, and love for our country.

This study deeply analyzes with the help of colleagues with more experience in teaching and analyzing such poems and with the virtue of wisdom of the researcher, she can give a strong analysis of the selected poems using descriptive-analytic discussion. Deepening love for the country is the key to overcoming any challenges that have passed through our country. The realism that happens in our country will be the ultimate way to encourage everyone to deepen and intensify our love, care, and concern for our country so that everyone will participate in the development of the whole nation.

*Keywords: Ultimate, intensify, patriotism, illuminate, development*

# Realistikong Pag-aaral sa mga Piling Akda ni Jose Rizal

## Abstrak

Ang pananaliksik na ito na pinamagatang " Realismong Pagsusuri sa mga Piling Tulang Makabayan ni Dr. Jose Rizal sa makabagong Panahon" ay naisagawa upang magbubukas sa lahat na muling buksan ang damdaming makabayan ng mga Pilipino. Ang pagmamahal sa sariling bansa ang maghahatid sa bawat Pilipino, ang pagkakaisa at pagtutulungan sa anumang hamon sa ating bansa. Ang matinding pagmamahal, pagmamalasakit na isinaad ni Rizal sa kanyang mga Piling tula ang magbibigay liwanag sa isipan ng mga Pilipino lalo na sa mga mahihina ang pagtitiwala sa lipunang ginagalawan tulad ng ilang kabataang Pilipino.

Sa mga Piling tulang ito ni Rizal ay nakalaang suriin upang ang mga Pilipino lalo na sa mga kabataan na magkaroon ng katalinuhan at mas paigtingin pa lalo ang pagmamahal sa bayan upang ang diwa ng pagiging maka-Pilipino ay umiiral sa bawat isa. Isinaad din nito sa kanyang

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 3 Special Issue | July 2022
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 67-80

mga Piling Tula na ang Pilipinas ay para sa mga Pilipino kung kaya't ipakita at marapat lamang na tamang pag-aalaga, pagmamalasakit at pagmamahal sa ating bansa ang ating iaalay.

Sa pag-aaral at pagsusuri sa mga Piling Tulang ito nagamit ang deskriptibong analitikal na pagtalakay upang malalimang talakayin at unawain ang mga nasuring tula para ipakita ang halaga ng mga tulang makabayan ni Rizal gayundin ang pagkonsulta sa mga ilang may makaranasan sa pagsusuri. Ang palalimin pa lalo ang pagmamahal sa bansa ang susi upang mapagtagumpayan ang anumang pagsubok na dumaan sa ating bansa. Ang mga realismong pangyayari sa ating bansa ang magpupursige sa mananalisik na patunayan at ipakita na dapat nating palalimin at paigtingin ang ating malasakit sa ating bansa upang ang lahat ay may pagkakaisa sa bawat hangarin lalo na sa ikauunlad ng buong bansa.

## INTRODUKSYON

Sa paglipas ng panahon, hindi maikakaila na maraming pagbabago, hindi lamang sa larangan ng siyensya kundi maging sa pang-araw araw na buhay. Dahil sa marami nang nagsilabasang makabagong kagamitan, iba-iba na ang kinamulatan ng iba sa atin, may nabubuhay sa masagana, may nabubuhay sa hirap, may nabubuhay na nasusunod ang gusto at iba pa hindi na matumbok ang nais magawa.

Kasabay din pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya ay siya ring pagkalimot ng karamihan sa atin sa mga babasahing may kaugnayan sa ating Panitikan. Ang Panitikan ay nagpapahayag ng mga kaisipan at diwa ng mga tao na maaaaring patula o tuluyan. Ang pagbabasa sa mga Panitikan lalo na sa mga sinaunang akdang pampanitikan na salamin sa ating nakaraan ay unti-unti na ring pinapalitan ng mga makabagong panahon.

Ayon kay Goodman (sa Badayos, 2000) ang pagbasa ay isang psycholinguistic guessing game. Sa pagbabasa kinakailangang magkaroon ka ng malawak na pang-unawa upang makabuo ng panibagong kaisipan mula rito at malinang ang kakayahan sa pagsusuri lalo na sa nakatagong mensahe gaya sa tula.

Ang teoryang Realismo ay tumatalakay sa katotohanan na nagaganap sa isang lipunan, nagpapahayag din ito ng pagtanggap sa katotohanan o realidad ng buhay. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong ipabatid ang realidad at kahalagahan ng buhay mula sa tatlong piling akda ni Dr. Jose Rizal. Napili ng mananaliksik ang tatlong Piling Tulang ito ni Rizal upang ipakita ang realidad na nagaganap sa ating paligid na siyang nalilimutan ng makabagong panahon.

Ang pananalisik na ito na pinamagatang "Realismong Pagsusuri sa mga Piling Tulang Makabayan ni Dr. Jose Rizal" ay napili ng mananaliksik bilang paksa upang ipabatid sa mga makabagong panahon lalo na sa mga kabataan ang kahalagahan ng mga Piling akda ni Rizal. Karamihan sa mga naisulat ni Rizal lalo noong panahon ng himagsikan ay pawang pagmamalasakit, pagmamahal at pakikipagsapalaran para sa bayan ang karaniwan nitong tema, gaya ng "Sa Kabataang Pilipino", " Isang Alaala ng aking Bayan", "Awit ng Manlalakbay", kung kaya't ang mga Piling Tulang ito ni Rizal ang magsisilbing lente ng makabagong panahon upang mamulat sa katotohanan lalo sa mga pangyayari sa ating paligid. Magiging salamin din ang Pananalisik na ito upang bigyang halaga ang mga naging pagpapahalaga ni Rizal sa ating Inang Bayan.

Ang tatlong Piling Tulang ito ni Rizal na nagpapakita ng kanyang pagmamahal at pagmamalasakit sa Inang Bayan, ang kanyang mga naging karanasan at obserbasyon sa kanyang panahon ang magdadala sa mananaliksik upang pagbubulaybulayan at himay-himayin ang realismong naganap sa bawat Piling Tula ni Rizal at para ipakita sa mambabasa ang tunay na diwa ng pagmamahal sa bayan.

Ayon kay Panares (2011) ang realismo ay sukdulan ng katotohanan, higit na binibigyang pansin o pinapahalagahan nito ang katotohanan kaysa kagandahan. Nakatuon sa makatotohanang paglalahad at paglalarawan ng mga bagay, mga tao at lipunan. Higit na pinahahalagahan ang paraan ng pagsasalaysay kaysa sa paksa. Layunin na ipakita ang mga karanasan at nasaksihan ng may-akda sa kanyang lipunan. Samakatuwid ang panitikan ay hango sa totoong buhay ngunit hindi tuwirang totoo sapagkat isinasaalang-alang ng may-akda ang kasiningan at pagkaepektibo ng kanyang isinusulat. Nagpapahayag ito ng pagtanggap sa katotohanan o realidad sa buhay.

Ayon kay Battad (2014) ang teoryang Realismo ay tumatalakay sa katotohanan sa lipunan. Karaniwan nitong pinapaksa ang kalagayan na nangyayari sa lipunan tulad ng korapsyon, katiwalian, kahirapan at diskriminasyon. Madalas din itong nakapokus sa lipunan at gobyerno. Mahalaga din sa nagsusuri ng mga akda na sinusuri sa teoryang ito upang maiugnay ang mga pangyayari sa akda o teksto sa lipunan.

Ang Panitikang Filipino ay sumasalain sa nakaraan, dito nahulma ang pagkatao at pagmamahal sa bayan ng bawat Pilipinong namulat sa katotohanan. Ang pag-alam sa kaliit-liitang pangyayari sa nagdaang panahon ay magsisilbing salamin ang panitikan upang lakbaying muli ang nakaraan.

Maraming Pilipino ang nagbuwis ng buhay mabigyang halaga lamang ang bawat naiukit at naisulat sa mga iba't ibang babasahin.

Sa gagawing realismong pagsusuri sa piling tula ni Rizal ay nangangailangan ng maingat na paghihimlay sa bawat bahagi ng mga tula. Ang pagbibigay ng sariling perspeksyon ay kinakailangang may tapat na basehan upang masigurong nakuha ang tunay na diwa ng pinapanahayag.

Dagdag pa nina Evasco at Ortiz(2008) ang tula ay sinasabi ring uri ng sining ng may wikang nagsasaad ng higit pa kaysa sa ordinaryong pagpapahayag. Pinanayabong ang anyo ng tula sa pamamagitan ng talinghaga. Kung kayat ito rin minsan ang nagpapahirap sa pagsusuri sa tula dahil sa kinapapalooban ng mga matatalinghagang salita.

Ang tula ay replica ng buong katauhan ng may akda. Kinapapalooban ito ng kanyang karanasan na handa niyang ibahagi sa iba kung kaya't kinakailangan ng maingat at matalinong pag-unawa sa bawat nilalaman nito. At isang malaking hamon para sa taong nagnanais magsuri sa mga tula na magbibigay ng panibagong umento mula sa orihinal na obra.

## Mga kaugnay na Literatura

Ayon kay Azarias (2018) ang panitikan ay pagpapahayag ng mga damdamin ng tao hinggil sa mga bagay-bagay sa daigdig, sa pamumuhay, sa lipunan, sa pamahalaan at sa kaugnayan ng kaluluwa sa bathalang lumikha. Ang panitikan ay isang buhay sapagkat ito ay repleksyon ng

pamumuhay at pakikipamuhay ng mga tao sa kanyang ginagalawang lipunan. Pinakikilos ng panitikan ang ating mga isipan at binibigyang pintig nito ang ating puso.

Naiingatan ng panitikan ang kultura ng isang bansa dahil sa mga nakasalinsin na ito sa mga iba't ibang babasahin kung kaya't hanggang sa kasalukuyan ay ating pa rin itong nagagamit at napapakinabangan.

Isa sa mga akdang pampanitikan ang naging lunduyan ng kaalaman noong unang siglo ay ang pagsulat ng mga Tula. Maraming mga Makatang Pilipino ang naging sikat at nakikilala ang kanilang mga obra dahil sa angking kakayahan sa pagsulat.

Ayon kay Alejandro (2010), ang tula ay nangangahulugang likha at ang makata ay tinatawag na manlilikha. Ang tula ay isang pagbabagong hugis sa buhay. Sa tulong ng guni-guni, ang buhay ay nabibigyan ng bagong anyo ang makata. Kalikasan at buhay ang pinanghanguan ng paksa ng makata at sa pamamagitan ng larawang-diwa ay pinupukaw niya ang ating damdamin.

Ayon naman kay Siplac (2022), ang tula ay hindi pulos na pangarap at salamisim, di pawing halimuyak, silahis, aliw-iw at taginting. Ang tula ay walang di nagagawang paksain.

Sa pagsusuri sa tula, ang pananagisag sa tula ay hindi dapat panaigin. Ang katangian ng masining na tula ay ang sikad na damdamin at lawak ng pangitain nito. Ang simulating ito ay ayon ay Vega (2017), na siya ring nagsabing ang mahalaga sa tula ay ang lasa at hipo nito at hindi ang balat ng prutas. Ayon pa sa kanya, ang buhay raw ng sining ay nasa ubod at laman. Sa pahayag ni Vega, malinaw na ipinaliwanag niya ang pagsusuri ng tula ay hindi basta-basta. Ang pagsusuri ng tula ay hindi lang sa pagbasa nito kundi sa pag-unawa ng ideyang nais iparating ng may-akda. Ang kahalagahan ng tula ay nasa lasa at hipo hindi ang balat, ibig sabihin ang tunay na diwa ng tula ay hindi sa anyo at kung papaano ito isinulat kundi sa tamang pagpapakahulugan sa anyo at paraan ng pagkakasulat.

**Kaugnay na Pag-aaral**

Ang pagsulat ng Tula ay paraan ng mga Pilipino o manunulat na ipahayag ang kanilang mga saloobin o pananaw. Hindi maikakaila na marami nang pagbabago ang mga nilalaman at istilo sa pagsulat ng tula sa makabagong panahon. Naging patok sa madla ang mga fliptop, spoken poetry at marami pang iba. Mas naging mahusay ang mga Pilipino particular sa mga kabataan ang ganitong paraan ng pagpapahayag nila ng kanilang damdamin, nakikita at nahahasa ang husay nila sa pag-iisip na pawing may kaugnayan sa realidad na sitwasyon.

Ilan sa mga pag-aaral sa mga Tula gaya sa tulang " Ang Panday" ni Amado Hernandez, ayon kay Casinabe (2021) ito ay teoryang realismo na hango sa mga nagaganap sa totoong buhay. Ang mga nakasaad sa tula ay maaaring naranasan o di kaya'y nasaksihan ng may akda sa kanyang lipunan. Gayunpaman, isinaalang-alang ni Amado ang kasiningan ng kanyang akda.

Ayon naman kay Lacorte (2018) sa kanyang pagsusuri sa tulang "Sandaang Hakbang Papuntang Malakanyang", nagamit nito ang teoryang realismo sapagkat ipinakikita ang tunay at pawing katotohanan na buhay na kinakaharap ng isang magsasaka kung saan ang lupain na kanilang sinasaka ay ipinagbibili sa mas malaking halaga dahil sa pangangailangang pinansyal.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 67-80

Ang teoryang realismo ayon kay Atalia (2014), ang layunin ng teoryang realismo ay magpakita ng mga karanasan ng bawat tao at nasaksihan ito ng may akda sa kanyang lipunan. Samakatuwid, ang realismo ay hango sa totoong buhay, ang mga natatanging karanasan na magbibigay inspirasyon, aral at pagmamatuwid ay nakadaragdag ng pagtahak sa totoong buhay, Matammu (2022).

Kayat sa pagsusuri sa tatlong piling akda ni Rizal ang magbubukas sa himlayan ng mga Pilipino ang patas na pagtingin at makatarungang pagmamahal sa Inang Bayan. Magbubukas ang mga piling tulang ito ang pagiging makabayan ng mga Pilipino.

## Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang makatotohanang nagaganap sa tatlong piling tula ni Rizal. Ninanais din ng mananaliksik na ipakita at maibahagi ang realidad na nagaganap sa buhay ng tao sumasalamin sa kanyang katangian at suliraning kinakaharap na may kaugnayan sa totoong pangyayari sa buhay at magsisilbing hanguan ng makabagong panahon. Nais masagot ng mananaliksik ang mga sumusunod na katanungan:

1. Nagpapakita ba ng makatotohanang kaganapan sa buhay ang tatlong piling akdang makabayan ni Rizal?
2. Paano naipapakita sa Piling tulang makabayan ni Rizal ang paglalahad sa mga makatotohanang pangyayari tungo sa makabagong panahon.
3. Natukoy ba ng pananaliksik na ito ang mga pahayag na sumasalamin sa teoryang Realismo?

Ang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay upang masuri ang mga Piling Tulang Makabayan ni Rizal gamit ang realismong Pagsusuri o ang Teoryang Realismo.

Naglalayong ipakita sa mga mambabasa ang kaalaman at mensaheng nakaloob sa mga Piling Tula ni Rizal na siyang magsisilbing salamin sa makabagong panahon at hanguan ng realidad.

# METODOLOHIYA

## Disenyo ng Pag-aaral

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay gagamit ng deskriptib-analytik na pagtalakay upang ipaliwanag at analisahin ang mga nakapaloob na kaisapan sa mga piling tulang makabayan ni Rizal.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 67-80

Ang desriptib-analitik ay isang disenyo ng pangangalap ng datos at impormasyon hinggil sa mga salik na kaugnay ng paksa ng pananaliksik. Nagamit ang uring ito upang makalap ang mga ideya at pagsusuri ng ilang kalahok mula sa mga piling tulang makabayan ni Rizal. Ang mga naging tugon ng ilang kalahok ay magagamit upang suriin at ipaliwanag gamit ang malalimang pag-unawa sa kahulugan at kaisipan ng mga tula.

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ang responsible sa pagsusuri at sa tulong ng ilang kalahok sa pagsusuri upang maging balido ang pag-aaral, aalamin ang mga magiging tugon ng mga ito batay sa nakitang resulta ng pagsusuring isinagawa ng mananaliksik, hihingi ito ng ilang payo at karagdagang kaalaman upang mas mabigyang linaw ang pagsusuri. Kinakailangan ang maingat at awtentiko ang pagsisiyasat sa mga piling tulang makabayan ni Rizal upang maisakatuparan ng maayos ang pagsusuri.

Napili ang tatlong tulang makabayan ni Rizal na siyang gagamitin sa pagsusuri sapagkat nagpapakita ito ng malaking kaugnayan sa napapanahong panahon. Nabubuhay nito ang pagiging makabayan ng mga Pilipino kung kaya't napili ang mga tulang ito upang suriin gamit ang teoryang realismo.

## Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Sa pag-aaral na ito, masugid na pag-aaralan ng mananaliksik ang mga tulang makabayan ni Rizal na kung saan iuugnay at ikukumpara nito ang kaugnayan sa realidad na buhay, kung gaano na ba pinapakita ng mga tao lalo na sa mga kabataan ang pagmamahal, pagmamalasakit at pagpapahalaga sa ating bayan. Napili rin ang tatlong tulang makabayan ni Rizal na "Sa kabataang Pilipino", "Isang Alaala ng aking Bayan" at "Awit ng Manlalakbay" na kung saan dito binigyang kahalagahan ang tunay na pag-ibig sa bayan at base sa mga binitawang kataga ni Rizal sa tatlong tula niyang ito ang muling sisilay sa diwa ng pagiging makabayan ng mga Kabataang Pilipino.

## Pagsusuri sa mga Datos o suri

Sa pagsusuri sa tatlong tulang makabayan ni Rizal, makakatulong ng malaki ang realidad na kaganapan sa makabagong panahon upang magkaroon ng balidong pagkukumpara. Gayundin, sa tulong ng ilang gurong nagtuturo sa pagtuturo ng tula, mabibigyan ng mas malalim at balidong pagtalakay sa mga suri gamit ang kanilang payo at karagdagang impormasyon.

Makikita at naoobserba sa makabagong panahon ang ilang Kabataang Pilipino na nawawalan o nakukulangan na sa tiwala at pagmamalasakit sa bayan. Bukod sa pagpapaigting sa diwa ng pagmamahal, makakatulong din sa pagsusuri ang mga ilang pag-aaral na may kaugnayan sa paksa gayundin ang malalimang pagsusuri at pagtalakay sa resultang nakita.

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Sa bahaging ito ng pananaliksik, ipinapakita ang mga impormasyon at datos na nakalap na kinakailangan sa pagsusuri sa mga tulang makabayan ni Rizal. Sa bahagi ding ito nakasaad ang mga bahagi ng mga piling tulang makabayan ni Rizal at mga pahayag na nagpapakita ng teoryang realismo kung saan ipinapakita ang realidad na nagaganap sa totoong buhay.

**Pagsusuri sa Tatlong Tulang Makabayan ni Rizal**

Si Dr. Jose Protacio Rizal Mercado y Alonzo ay pinanganak sa isang mayamang angkan sa Calamba, Laguna at pampito sa labing-isang anak ng mag-asawang Francisco Engracio Rizal Mercado y Alejandro at Teodora Morales Alonzo Realonda y Quintos. Nag-aral siya sa Ateneo Municipal de Manila, at nakakuha ng diploma sa Batsilyer ng Sining at nag-aral ng medisina sa Pamantasan ng Santo Tomas sa Maynila. Ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral sa Universidad Central de Madrid sa Madrid, Espanya, at nakakuha ng Lisensiya sa Medisina, na nagbigay sa kanyan ng karapatan sanayin ang medisina. Nag-aral din siya sa Pamantasan ng Paris at Pamantasan ng Heidelberg.

Salin ito ng tulang “A La Juventud Filipina” na sinulat ni Rizal sa Unibersidad ng Santo Tomas noong siya’y labingwalong taong gulang. Ang tulang ito ang nagkamit ng unang gantimpala sa timpalak sa pagsulat ng tula, na itinaguyod ng Liceo Artistico Literario, samahang binubuo ng mga taong mahilig sa panitikan at sa sining. Mga Kastila’t katutubo ang lumahok na sa paligsahan ngunit ang Lupon ng Inampalang binubuo ng mga kastila ay humanga sa tula ni Rizal at ipinagkaloob dito ang unang gantimpala.

Ang tulang ito ang kauna-unahang lantarang pagpapahayag ni Rizal ng kaniyang damdaming makabansa. Hinihimok niya ang kabataang Pilipino upang mamukadkad at linangin ang kaniyang masisining na katalinuhan, tinatawag itong “Magandang Pag-asa ng Bayan Kong Mutya,” na ngayo’y isang pariralang malimit banggitin. Sa tula’y ipinahahayag na ang Pilipinas ay bayan ng mga Pilipino at ang salitang “Pilipino” ay unang ginagamit upang tawagin ang mga katutubo ng Pilipinas, hindi ang mga kastilang ipinanganak sa Pilipinas, na siyang gamit ng salitang ito.

**Mga pahayag o linya mula sa Tulang “Sa Kabataang Pilipino” na nagpapakita ng Teoryang Realismo**

*Itaas ang iyong aliwalas*
*Ngayon, Kabataan ng aking pangarap!*
*Ang aking talino na*
*Tanging liwanag*
*Ay pangitawin mo,*
*Pag-asa ng Bukas!*

Mula sa siniping pahayag na ito sa tula ni Rizal, sa umpisa pa lang pinakita at pinapalakas na niya ang bawat Kabataang Pilipino na dapat maging matatag at ipakita sa lahat na sila ang Pag-asa ng Bayan, gamitin at maging matatag sa anumang hamon na darating sa buhay. Ang talion na siyang magsisilbing kalasag upang magtagumpay.

*Ikaw ay lumitaw ,O*
*Katalinuhan*
*Magiting na diwang*
*Puno sa isipan*
*Mga puso nami’y saiyo’y*

 ISSN: 2799 - 1091
Page No. 67-80

*Naghihintay at dalhin mo roon*

*Bumaba kang taglay ang kagiliw-giliw*
*Na mga silahis ng agham at sining*
*Mga Kabataan, hayo na't lagutin*
*Ang gapos ng iyong diwa at damdamin.*

Mula sa pahayag na ito makikita na ang *"Ikaw"* ay pinapatungkulan niya ang mga Kabataang Pilipino, na sila'y mahusay sa anumang larangan ng Makabagong Teknolohiya at ipinapamalas lamang nito ang husay ng mga kabataang Pilipino. Pinapatungkol din nito ang kahusayan na dapat gamitin para ipaglaban ang Bayang
Pilipinas laban sa mga banyaga o may ibang hangarin para sa bayan.

*Ikaw na ang himig ay*
*Lalong mairog*
*Tulad ni Pilomel na sa*
*Luha'y gamot*
*At mabisang lunas sa*
*Dusa't himutok*
*Ng puso at diwang*
*Sakbibi ng lungkot*

*Ikaw, na ang diwa'y*
*makapangyarihan*
*Matigas na bato'y*
*mabibigyang buhay*
*Mapagbabago mo*
*Alaalang taglay*
*Saiyo'y nagiging*
*Walang kamatayan.*

Sa saknong namang ito isinasaad ni Rizal ang boses ng kabataan ang pag-asa ng bayan, ang tapang at katatagan na mayroon sila ang magsisilbing kalasag nila upang ang batong matigas ay kanilang mapalambot at buhay ay kanilang mapalaya.

Ang Pilomel na kanyang inihalintulad na magbibigay ng pag-asa sa bawat isa ang lunas sa mga pasakit na naranasan
Sa mga kataga na nagagamit ni Rizal sa kanyang tula ay malalamim ang pinag-ugatan kung kaya't kailangang maging mapagmatiyag upang ang mensahe na nais niyang iparating ay mabigyang halaga at kahulugan.
sa mga isinaad naman ng ibang guro na nagtuturo sa Piling Tulang ito ni Rizal isinaad ng tatlo sa kalahok na ang dalawang huling saknong sa Tulang "Sa kabataang Pilipino" ang nagpapakita ng realismong realidad sa buhay.

*Humayo ka ngayon, papagningasin mo*

*ang alab ng iyong isip at talino*
*maganda mong ngala'y ikalat sa mundo*
*at ipagsigawan ang dangal ng tao.*

*Araw na dakila ng ligaya't galak*
*magsaya ka ngayon, mutyang Pilipinas*
*purihin ang bayang sa iyo'y lumingap*
*at siyang nag-akay sa mabuting palad*

Isinaad nila na ito ay realismo sapagkat pinapatungkol nito ang kasalakuyang panahon dahil sa salitang "ngayon".
Sa ibang kalahok naman sa pagsusuri, nagsasaad naman na ang suri ng mananaliksik ay nagsasaad o nagpapakita ito ng realismo.

Kaiba naman ang nagamit ni Rizal na simbolo ng isang Pilipino sa kanyang tulang ang "Awit ng Manlalakbay". Kung ating maririning ang salitang Manlalakbay, nagpapakita at nagsisimbolo lamang ng pagiging mapaglayag na tao, kahit anong hirap ang nadadaraan nagpupursige at sinusuong parin ang paglalakbay, minsan isinaad ng ilang dayuhan na ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging masipag at magalang dahil sa aking kakayahan at determinasyon sa buhay.

Sa tula ni Rizal na **"Awit ng Manlalakbay"** ipinapakita ni Rizal na ang daang tinatahak ng sinumang may pangarap anumang unos kayang lampasan ang "disyerto" na binanggit ni Rizal sa kanyang tula na sumisimbolo ng kahirapan, ang nararanasang init mula sa disyerto ang nagbibigay sa mga kabataan na huwag mawalan ng pag-asa may bukas na naghihintay at magpatuloy lamang.

Sa pahayag na:
*Kung sa mga tanging minahal sa buhay*
*Siya'y magbalik pa pagdating ng araw,*
*Makikita niya'y mga guho lamang*
*At puntod ng kanyang mga kaibigan.*
*Abang manlalakbay! Huwag nang magbalik,*
*Sa sariling baya'y wala kang katalik;*
*Bayaang ang puso ng iba'y umawit,*
*Lumaboy kang muli sa buong daigdig.*

Sa bahaging ito, pinabulaanan ng Manlalakbay sakaling siya'y magbalik sa mula sa kanyang bayan, sukatin kung makitang muli ang paghihirap at wala pa ring pagbabago at marami pa ring Pilipino ang naghihinagpis, huwag nang bumalik sa nakaraan at kalimutan na ang kalungkutang pinagdaanan. Magpatuloy lamang sa pagtahak sa buhay at sa huli may bukas na naghihintay.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 3 Special Issue | July 2022
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 67-80

Sa pagsusuri ng mga kalahok sa tulang **"Awit ng Manlalakbay"** isinaad ng dalawa sa mga ito na ang saknong ikalima at ikaanim ang nagsasaad ng realismo dahil inuugnay nito ang pangyayari o kanagapan sa realidad na buhay, ang inggit na katulad sa kasalukuyang panahon nagpapakita na ito ay realismo. Marami sa kasalukuyang panahon ang ganito na ipinapakita ngunit sa kabila nito hindi nila matukoy kung saan ba nagmula ang kasaganaang natatamasa ngayon ng isang tao, ang hirap na kanyang pinagdaan bago nakamit ang tagumpay sa buhay. Kaya sa bahaging ito ang nagpapakita ng realismong pangyayari sa tula.

*Dami ng sa kanya ay nangaiinggit,*
*Ibong naglalakaby sa buong daigdig,*
*Hindi nila tanto ang laki ng hapis*
*Na sa kanyang puso ay lumiligalig.*

*Kung sa mga tanging minahal sa buhay*
*Siya'y magbalik pa pagdating ng araw,*
*Makikita niya'y mga guho lamang*
*At puntod ng kanyang mga kaibigan.*

Sa tulang makabayan naman ni Rizal na pinamagatang **"Isang Alaala ng Aking Bayan",** isinasaysay niya ang kanyang pinanggalingan na nagbigay sa kanya ng ligaya at tamis ng buhay. Inilalarawan niya ang dagat, mga bulaklak, ilog, at kagubatan, ang lahat ng ito ay kanyang kinasasabikan. Naaalala rin niya ang kabataan niya dito na puno ng magagandang alaala. At sa huli ay nagpaalam at pangakong babantayan ito at dalangin na ito ay umunlad.

*Ang kamusmusan ko sa bayan kong giliw*
*dito'y masagana ang saya ko't aliw*
*ng naggagandahang tugtog at awitin*
*siyang nagtataboy ng luha't hilahil*
*Hayo na, bumalik ka't muli mong dalawin*
*ang katauhan ko'y dagling pagsamahin*
*tulad ng pagbalik ng ibon sa hardin*
*sa pananagana ng bukong nagbitin.*

Ipinamamalas ni Rizal kung anong kabataan siya nakaranas ng masagana at walang ibang iniisip na problema. Ang saliw ng mga awit at tugtog na nagdadala sa kanya ng tahimik na buhay ang kanyang nasasabik na maramdamang muli. Ang kanyang kamusmusan na gaya ng ating bansa na noong una, wala pang mga dayuhang nagnanais sakupin at kamkamin ang masasaganang kalikasan at ito ang ninanais ni Rizal sa ating bansa na gusto muli nitong balikan upang ang lahat ng Pilipino ay walang hirap na pinagdadaanan.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 67-80

*Paalam sa iyo, ako'y magpupuyat*
*ako'y magbabantay, walang paghuhumpay*
*ang kabutihan mo na sa aking pangarap*
*Nawa'y daluyan ka ng biyaya't lingap*
*ng dakilang Diwa ng maamong palad;*
*tanging ikaw lamang panatang maalab*
*pagdarasal kita sa lahat ng oras*
*na ikaw ay laging manatiling tapat.*

Sa huling saknong na ito ng kanyang tula, magkikita na siya'y nagpapaalam na sapagkat malayo pa ang tatahakin. Ang sinumang nagnanais panghawakan ang bansang Pilipinas ay sana'y magkaroon ng magandang hangarin at ang nagdaang panahon ay huwag madungisan ng masamang hangarin. Pinapanalangin nito na nawa'y maging tapat ang sinumang magmamaniobra sa Pilipinas, Rumusud (2022).

Sa ibang kalahok sa pagsusuri, isinaad ng isa sa mga kalahok, guro ito sa Unibersidad na ang saknong 6 o ikalawang huling saknong ang nagpapakita ng realismo,isinaad nito na ang mga pangyayari sa kanyang nakaraan,ang mapait na sinapit dahil sa mga saliw ng tugtog, mga magagandang salitang nagririnig, ang pumapawi sa malungot na karanasan sa buhay.

*Ang kamusmusan ko sa bayan kong giliw*
*dito'y masagana ang saya ko't aliw*
*ng naggagandahang tugtog at awitin*
*siyang nagtataboy ng luha't hilahil*
*Hayo na, bumalik ka't muli mong dalawin*
*ang katauhan ko'y dagling pagsamahin*
*tulad ng pagbalik ng ibon sa hardin*
*sa pananagana ng bukong nagbitin.*

Sa suring ito ng isa sa kalahok, kaparehong saknong din ang isinaad ng mananaliksik na nagpapakita ng realismo, kaiba lang ng pagbibigay ng interpretasyon sa isinaad na saknong ng tulang " Isang Alaala ng aking Kabataan".

**Pangkalahatang Pagsusuri sa Tulang Makabayan ni Rizal at Kaugnayan nito sa Teoryang Realismo**

Sa tulang "Sa Kabataang Pilipino", naging realismo ang paglalarawan sa tulang ito sapagkat naging makatotohanan si Rizal sa kanyang nakitang kalagayan ng mga Kabataang Pilipino sa hinaharap. Ninanais lamang nitong magkaroon ng mabuting hangarin sa bansa at ang mga kabataan ang inaasahan niyang magbigay ng pag-asa sa bayan kaya isinaad nito na "ang kabataan ang pag-asa ng bayan", kung kaya't malaki ang hangarin ni Rizal na magagawa ng kabataang Pilipino ang kanilang tungkulin sa bayan kung kaya't nagamit nito ang salitang "Ikaw" sa kanyang tula.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 67-80

Sa tula naman niyang “Awit ng Manlalakbay”,makikita na ang salitang manlalakbay maraming mga pagsubok ang naghihintay, kung kunin sa literal na pagsusuri ang salitang “manlalakbay”, maraming pagsubok ang naghihintay mga pagsubok na hindi inaasahang darating habang tinatahak ang daang nilalakbay. Kaya naman bawat paglayag na tinatahak maging alisto, mapagmatiyag at matapang sa lahat. Saan ka man napapadpad dala sana’y katapangan at katatagan upang ang daluyon o unos ay malalampasan. Kung ating iuugnay sa ating buhay bilang isang Pilipino ang tulang ito ni Rizal, totoong maraming pagsubok maraming paglalakbay ang tinatahak natin sa pang-araw-araw na buhay, at ninanais nating makamit sa huli, tayo ay hindi nawawalan ng pag-asa. Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging positibo na anumang pagsubok o problema sa huli may ginhawang naghihintay.

At sa tula naman ni Rizal na pinamagatang “ Isang alaala ng aking Bayan”, kung susuriing maigi ang pamagat pa lamang nito, alam mong may matinding alaala si Rizal sa kanyang bayan na kailan man hindi nito malilimutan. Ang kanyang bayan na nagbigay sa kanya ng magandang alaala na gusto ding ipakilala at ipadama sa mga kabataang Pilipino. Sa nilalaman ng kanyang tula, may mensaheng ipinapaabot si Rizal na dapat mabatid ng mga Pilipino. Ang kasaganaan at kapayapaang mayroong noong una ang bansang Pilipinas ay kanyang nais balikan na katulad sa musmos na sanggol na kailangan iingatan at aalagaan subalit dahil sa taglay na kagandahaan at kasaganaan ang bansang Pilipinas maraming nagnanais angkinin ito at handang sakupin at kamkamin. Kung iuugnay sa buhay ng Pilipino ang ganitong kalagayang ng bansa, hindi ba’t marami ng mga naghahangad sa karangyaan ngunit sa dahas nakukuha, kaliwaan ang balitang kapwa Pilipino nagkakasakitan, nagkakapatayan kung kaya’t hindi na naigagalang dignidad ng bawat isa.

Kung susumain ang tatlong tulang ito ni Rizal at maiugnay sa makabagong Panahon, Nasaan na ba ang inalagaan at iningatan ng ating mga magigiting na bayani? Nasaan na rin ba ang mga Kabataang handang ipaglaban at bigyang malasakit ang bansa? At nasaan na rin ba ang Kabataan ang pag-asa ng bayan?

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 3 Special Issue | July 2022
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 67-80

## KONKLUSYON

Binalot na tayo ng makabagong panahon at marami ng mga kabataan ang nakakalimutan na ang tungkulin bilang modelo sa mga susunod na henerasyon. Ang mga mensahe na nais iparating ni Rizal sa bawat Pilipino ay unti unti nang naglaho at namayani. Ngayong ang bansang Pilipinas ay maraming pagsubok na pinagdadaanan lalo na ngayong kasalukuyang panahon, ngunit ang mga kabataan nakikita sa iba't ibang istasyon ng telebisyon na sila'y nagiging aktibista at lumalaban sa bayan.

May ilan din napapabalitang sumasapi sa mga rebelde na gustong kumalaban sa bansa. Nasaan na ngayon ang kabataan ang pag-asa ng bayan na sa mga tula ni Rizal ay hinangad pa naman nito na gamitin ang katalunuhan at pagmalasakitan ang bansa. Pagkakalahad nito sa karagyaan na mayroon ang bansa subalit sa kasalukuyang panahon ay nabalot na sa hindi magandang hangarin sa bayan.

## REKOMENDASYON

Bilang mag-aaral na manunuri sa mga tulang makabayan ni Rizal at naiugnay ang mga ito sa makabagong panahon gamit ang realismong pagsusuri, masasabing naging matapat ang mananaliksik sa kanyang pagtalakay at pagkakalahad sa naging suri nito sa kanyang pag-aaral sa tulong ng ilang kaguruan na nagbigay ng kani-kanilang pananaw at suri.

At kung may pag-aaral muli na isasagawa sa pag-aaral na ito, maging bukas ang mananaliksik na magkaroon pa ng mas malalim na pagsusuri at pag-uugnay ng pag-aaral na ito sa makabagong panahon. Nagbababago ang panahon kung kaya't inirerekomenda ng mananaliksik na magkaroon pa ng mas malalim na pagtalakay sa kanyang pag-aaral.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 67-80

## Sanggunian

Bautista, Joana Iris.2018.Pagsusuri ng Tula
https://bautistajoanairispagsusuringtula.blogspot.com/2018/03/pagsusuri-ng-tula.html?m=1

Felonia, Melchor.2021.Ang Pagtuturo ng Wika at Panitiang Pilipino sa Panahon ng Pandemya
https://www.researchgate.net/publication/356426508_Ang_Pagtuturo_ng_wika_at_Pantikang_Pilipino_Sa_Panahaon_ng_Pandemya

Manzanillo, Giane.Kaugnay ng Pag-aaral at Literatura
https://www.academia.edu/35821445/kabanat_2_Kaugnay_na Literatura_at_Pag-aaral

Matammu, C. (2022). AN ANALYSIS AND TRANSLATION INTO FILIPINO OF IBANAG PROVERBS. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *3*(2 June Issue), 239–248. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/142

Matias, M.J et.al. 2021. Realismong Pagsusuri sa mga Piling tulang Pilipino
https://www.scribd.com/document/539151449/Realismong-Pagsusuri-Sa-mga-Piling-Tulang-Pilipino-Pangkat-7-1

Rumusud, M.-A. (2022). Exploring the Structural Form and Interpretation in Writing Selected Tanaga. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *3*(2 June Issue), 228–238. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/141

SIPLAC, G. (2022). An Analysis and Translation of Selected Filipino Elegy. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *3*(2 June Issue), 249–261. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/145

Villarina,Wilmar.2016.Pagsusuri ng mga Tulang Pilipino
https://wilmarvillarinacoser.blogspot.com/2016/02/pagsusuri-ng-mga-tulang-Pilipino.html?m=1

https://proudpinoy.ph/tula/sa-kabataang-pilipino-buod-at-aral-ng-tula-tungol-sa-bayan-2021/_